

Ang Iyong Mga Karapatan ng Pag-access sa Wika sa Estado ng New York



Office of General Services
Office of Language Access

Batas ng Pag-access sa Wika ng Estado ng New York

Nagsasalita ang mga taga-New York ng mahigit sa 800 wika. Upang matiyak na maa-access ng lahat ng taga-New York ang mga serbisyo at benepisyo ng gobyerno—gaano ka man kahusay makipag-usap sa Ingles— nilagdaan ni Gobernador Kathy Hochul ang patakaran ng pag-access sa wika ng Estado ng New York bilang batas at nilikha ang Tanggapan ng Pag-access sa Wika (Office of Language Access) ng estado. May pananagutan ang Tanggapan ng Pag-access sa Wika, sa loob ng Tanggapan ng Mga Pangkalahatang Serbisyo (Office of General Services), sa pagtiyak na ang mga ahensya ng Estado ng New York na nasasaklaw sa ilalim ng batas na ito ay maipapatupad ito nang mahusay at epektibo.

Sa ilalim ng batas, ang mga ahensya ng Estado ng New York na nagbibigay ng mga serbisyo o benepisyo sa publiko ay dapat na:

1. Mag-alok ng mga serbisyo sa interpretasyon sa taong tumatanggap ng mga serbisyo o benepisyo sa kanilang pangunahing wika, kabilang ang American Sign Language (ASL).
2. Isalin ang mahahalagang dokumento na may kaugnayan sa kanilang mga serbisyo o benepisyo sa nangungunang 12 wikang sinasalita ng mga taga-New York na hindi gaanong nakakapagsalita ng Ingles nang maayos. Maaari ring piliin ng mga ahensya na isalin ang kanilang mahahalagang dokumento sa hanggang apat pang wika batay sa pamantayang nakadetalye sa batas ng pag-access sa wika.
3. Pumili ng isang Koordineytor sa Pag-access ng Wika (Language Access Coordinator) na makikipagtulungan sa Tanggapan ng Pag-access sa Wika upang matiyak na sinusunod ng kanilang ahensya ang batas ng pag-access sa wika.†
4. I-post ang kanilang Plano ng Pag-access sa Wika (Language Access Plan) sa website ng kanilang ahensya at i-update ito kada dalawang taon.

Inilalathala ng Tanggapan ng Pag-access sa Wika ang ulat tungkol sa mga serbisyong ito bawat taon.

Bisitahin ang [languageaccess.ny.gov](https://www.languageaccess.ny.gov) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Tanggapan ng Pag-access sa Wika, ang mga ahensyang nasasaklaw sa ilalim ng batas ng pag-access sa wika at para magsumite ng feedback tungkol sa iyong karanasan sa pagtanggap ng mga serbisyo ng pag-access sa wika.

Mayroong 2.5 milyong taga-New York na hindi gaanong nakakapagsalita ng Ingles nang maayos. Ito ang mga nangungunang labindalawang wika na pinakakaraniwang ginagamit sa New York, bukod sa Ingles:

- Arabic
- Bengali
- Chinese (kabilang ang Cantonese at Mandarin)
- French
- Haitian Creole
- Italian
- Korean
- Polish
- Russian
- Spanish
- Urdu
- Yiddish



Paano Gamitin ang Iyong “I Speak” (Nagsasalita Ako) na Kard

Sa brochure na ito, dapat kang makakuha ng isang “I Speak” (Nagsasalita Ako) na kard. Magagamit mo ito upang matukoy ang iyong gustong wika. Maaari mong dalhin ang iyong kard at ipakita ito sa mga kawani sa alinmang ahensya ng Estado ng New York na nasasaklaw sa ilalim ng batas ng pag-access sa wika, kapag humihiling ng kanilang mga serbisyo o benepisyo. Makakatulong ito sa mga kawani ng ahensya na maunawaan kung paano makakuha ng tamang interpreter para sa iyo. Maaari mo ring i-download ang kard sa iyong telepono—sundin lang ang mga hakbang sa ibaba.



Pag-download ng kard sa iyong telepono:

1. I-scan ang QR code.
2. Piliin ang iyong wika mula sa listahan.
3. Mag-click sa icon sa kanang sulok sa itaas na bahagi upang i-save ito sa iyong telepono.
4. Buksan ang kard at ipakita ito sa mga kawani sa tuwing bibisita ka sa isang ahensya ng Estado upang makakuha ng kanilang mga serbisyo o benepisyo.



Alam mo ba...?

Ang American Sign Language (ASL) ay ang pangunahing wika ng maraming tao sa Estados Unidos at Canada. Bagama't ang ASL ay ang sign language na pinakakaraniwang ginagamit ng mga taong Bingi at Hirap na Makarinig sa Estados Unidos, hindi ito angkop para sa lahat. Maraming uri ng sign language na ginagamit sa iba't ibang rehiyon, tulad ng British Sign Language, French Sign Language o Chinese Sign Language. Maaaring magkaroon ng ibang istraktura ang mga sign language kaysa sa mga sinasalitang wika. Tulad ng sinumang nag-aaral ng Ingles bilang pangalawang wika, ang mga gumagamit ng ASL ay maaaring nahihirapang makipag-usap sa Ingles at may karapatan sa isang interpreter kapag naghahanap ng mga serbisyo o benepisyo mula sa mga ahensya ng Estado ng New York na nasasaklaw sa ilalim ng batas ng pag-access sa wika.